


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Kontemporaneong Programang Panradyo



**Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Kontemporaneong Programang Panradyo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Hernan B. Estalozza
Editor: Liza E. Conte, Maria Consuelo C. Jamera
Tagasuri: Luz Sandra E. Fernandez, Noviemar T. Maur, Donna May D. Pinguit,
Tagaguhit: Rhynan C. Consigna
Tagalapat: Lauris Marx N. Congreso, Reggy C. Asupre, Liezl O. Arosio
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Isidro M. Biol, Jr
Maripaz F. Magno
Josephine Chonie M. Obseñares
Nelia S. Lomocso
Gemna G. Pobe
Evelyn C. Coro

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Caraga Region

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207 / (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3:

**Kontemporaneong
Programang Panradyo**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Ang modyul na ito ay tungkol sa kontemporaneong programang panradyo na tumatalakay sa iba't ibang termino o salita na ginagamit sa mundo ng *radio broadcasting*. Nakapaloob din sa modyul na ito ang mga gawaing makapagbibigay linaw sa iyo tungkol sa pagkilala ng iba't ibang uri ng pagpapahayag. Higit sa lahat, sa modyul na ito ay matututuhan mong iugnay ang balitang iyong napanood sa balitang iyong napakinggan sa mga kontemporaneong programang panradyo.

Ang araling ito ay pumapaksa sa sumusunod:

- Katotohanan at Opinyon
- Mga Negatibo at Positibong Pahayag
- Mga Salitang Ginagamit sa *Radio Broadcasting*
- Pag-uugnay ng Napanood na Balita sa Napakinggang Balita.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Napag-iiba ang katotohanan (*facts*) sa hinuha (*inferences*), opinyon at personal na interpretasyon ng kausap.
2. Naiisa-isa ang mga positibo at negatibong pahayag.
3. Nabibigyan ng kahulugan ang mga salitang ginagamit sa *radio broadcasting*.
4. Naiuugnay ang balitang napanood sa balitang napakinggan.



Subukin

Sikapin mong sagutin ang mga tanong upang mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa mga susunod na pag-aaral.

Panuto: Basahin ang balita sa loob ng kahon at panoorin ang balita mula sa link na ito: <https://www.youtube.com/watch?v=Tph6hAObhTA>. Halawin ang mga pahayag na nagpapakita ng Katotohanan, Hinuha, Opinyon, at Personal na Interpretasyon mula sa dalawang balita. Gamiting gabay ang *graphic organizer* sa ibaba sa pagsagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Disiplinang Batas

Ni Gwyneth Quinaso

Mahalaga ang ginagampanang responsibilidad sa balikat ng kabataan para sa katiwasayan ng susunod pang henerasyon. May tungkulin upang maging huwaran sa pamilya at bayan. Sa pag-aproba sa ikatlong pagbasa sa Kamara ukol sa panukala na gawing mandatory para sa Senior High School students ang Reserved Officers Training Course (ROTC) na naglalayong linangin ang estudyante sa pagkakaroon ng nasyonalismo, pagkamakabayan at paghahanda sa bayan.

Sa pagsasailalim ng panukalang ito, hati ang hatol ng nakararami, may mga umalma at mayroon ding pumabor. Ayon kay Pangulong Rodrigo Duterte, ang pagbabalik sa ROTC ay isang magandang paraan upang madisiplina ang mga kabataan at huwag mahikayat na gumamit ng illegal na droga. Tila nawawala na umano ang pagmamahal ng iilang kabataan sa bayan kaya mas mainam na idagdag ito sa kurikulum ng SHS.

Ngayong bubuhayin na naman ang ROTC, tiniyak ng Pangulo na ang ipapanukalang ROTC ay hindi na mamamantsahan ng korapsyon, wala ng mga hazing at sexual harassment at base sa mensahe ng kalihim ng edukasyon, kapag naipanukala na ang ROTC, papaigtingin nila ito sa pag-implementa sa mga paaralan upang mas mahanda ang mga kabataan.


Ngayong taong panunuruan mahigit 28 milyong estudyante ang naitala sa K to 12, nasa 3,087,646 ang nasa bilang ng Senior High na kinabibilangan ng Grades 11 at 12.

Sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Dapa, kapag tuluyan nang maipanukala ang nasabing mandatory ROTC, ang pamunuan ng eskwelahan ay tiyak na susuporta dito para sa kapakanan ng kabataan. Ito'y isang magandang hakbang upang mas malinang at mahasa ang kaalaman ng mga estudyante hindi lang sa isports at akademiko kundi pati na rin sa military training na isa sa mga pangunahing kailangan ng bansa at upang matiyak na mahuhubog sila na ipagtanggol ang sarili sa anomang kapahamakan at kaligtasan sa buhay.

Ang ROTC ay makakatulong upang makintal sa kabataang Pilipino ang nasyonalismo at pagiging makabayan; mas lalawak pa ang kaalaman at malilinang ang mga ito sa kasanayan sa pagharap sa totoong buhay.

Sinasabing kabataan ang pag-asa ng bayan at tanging kabataan ang dapat na nagpapalaganap ng magandang imahe sa bayan, upang ito ay malinang nawa'y maging kabalikat ang bawat paaralan sa pagpapatupad ng ROTC. Sa bisa ng maalab na pagsasakatuparan ng batas na ito, maihahatid ang mga kabataan tungo sa isang disiplinadong mamamayan.

(Disiplinang Batas Isinulat ni Gwyneth Quinaso Hango mula sa TILAMSIK / *Opisyal na pahayagan ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Dapa*)



Aralin

1

Kontemporaneong Programang Panradyo

Sa kabila ng iba't ibang teknolohiya at midyum ng komunikasyon tulad ng *smartphones* at *internet* sa modernong panahon, makikita pa rin ang puwang ng radyo bilang isa sa mga midyum ng komunikasyon na naglalayong magbahagi ng mga pangyayari sa mundo sa mas malawak na sakop nito. Ating alamin ang kahalagahan ng radyo sa tao lalo na sa larangan ng pagbo-*broadcast* ng mahahalagang pangyayari sa lipunan.



Balikan

Bago mo pag-aralan ang nilalaman ng modyul na ito, bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang isasagawa mo ang gawain sa ibaba. Kung nakahanda ka na, simulan mo na.

Panuto: Ibigay ang katumbas na *impormal* na salita ng sumusunod na salitang nasa anyong pormal. Ilagay sa patlang ang mga salitang *impormal* upang mabuo ang diwa ng teksto. Gawin ito sa papel.

- | | | | | | |
|----------|----------|----------|----------|-----------|----------|
| 1. Tatay | 2. Aywan | 3. Nanay | 4. Paano | 5. Nasaan | 6. Kotse |
|----------|----------|----------|----------|-----------|----------|

Parehong nag-aabang ng *tricycle* ang magkaibigang Rico at Danny nang umagang iyon. Nang biglang magsalita si Rico.

Rico: O, Danny. Balita ko napagalitan ka raw ng _____¹ mo kagabi?

Danny: Hindi naman sa napagalitan ako, Rico. Napagsabihan lang. _____² ko ba sa sarili ko. Bakit kasi nakalimutan ko ang tugon niya na dumaan muna kina Tiya Luz pag-uwi ko galing sa eskuwela. May pera kasing pinapaabot si _____³ kay Tiya. Pambili raw ng gamot ni Tiyo Bong.

Rico: (Tumawa nang bahagya) _____⁴ naman kasi, napakabata mo pa pero masyado ka nang mahilig sa kape. Nagiging ulyanin ka na tuloy.

Danny: Oo nga, eh. Gatas na lang muna iinumun ko.

Rico: Teka, sandali. _____⁵ na ang perang pinaabot ng Tatay mo?

Danny: Nasa kay Itay na ang pera. Siya na lang mismo ang bumili ng gamot ni Tiyo Ding.

Rico: Maiba ako, Danny. Alam mo bang may bagong _____⁶ sina Dondon. Suwerte niya, ano. Palibhasa nasa abroad ang magulang.

Danny: Mas masuwerte pa rin tayo, Rico. Dahil kapiling natin mga magulang natin.

Rico: (Napaisip nang malalim). Sabagay. Tama ka Danny.

Danny: Sige na, Rico. Andiyan na ang traysikel. Maghanda na tayo.

Rico: Sige.

Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Magpatuloy ka lang at magagawa pang madagdagan ang iyong kaalaman.



Mga Tala para sa Guro

- May mga *graphic organizer* at panuto na siyang nakalaan upang magabayan ang mga mag-aaral.
- Huwag kalimutang ipawasto ang mga kasagutan ng mga mag-aaral. Palaging gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay na pag-aaral.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang isang editoryal sa ibaba at gawin ang sumusunod na gawain.

Mapinsalang Aliw

Oktubre 2019

| Princess Mae Y. Ybañez | Tilamsik (Opisyal na pahayagan ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Dapa)

Mabigat ang suliranin na kinakaharap ngayon ng buong mundo dahil sa uri ng karamdaman na maaaring maging epidemya na maghahatid ng malaking dagok sa buhay ng marami. Isa sa patuloy na pinag-aaralan hanggang ngayon ay kung papaano sugpuin ang Human Immunodeficiency Virus o HIV. Isang uri ng virus na kung hindi makokontrol ay magiging isang ganap na Acquired Immunodeficiency Syndrome o mas kilala bilang AIDS na hanggang ngayon sa kasalukuyan ay wala pa ring gamot na natutuklasan para sugpuin ito sa kabila ng masigasig na pagsisiyasat ng mga siyentipiko sa mundo.

Batay sa datos ng United Nation Programme on HIV/AIDS O UNAIDS ay umabot na umano sa mahigit kumulang 35,000 ang mga kaso ng HIV sa Pilipinas at tinatayang 40 ang may ganitong kaso kada araw. Maituturing na isang napakalaking epidemya ang patuloy na pagtaas sa bilang ng mga taong may HIV at mas pabata nang pabata ang edad ng mga taong naapektuhan nito. Kaya itinuturing ng UNAIDS ang Pilipinas na mayroong “fastest growing HIV epidemic” sa Asia at sa Pacific Region.

Hindi na bago sa atin ang makarinig ng edad mula labinglima ang may HIV sa bansa. Subalit ang sakit na ito ay isang banta sa buhay lalo na sa iilang mga estudyante na naging biktima ng ganitong suliranin. Maging sa bayan ng Dapa ay may napabalitang positibo kaya malaking dagok ito na haharapin sa lipunan kung marami pa ang mahahawaan.

Sa panayam na ibinahagi ng eksperto na bumisita sa paaralan upang magbigay ng impormasyon ukol dito, ang pagkahawa ay nangyayari sa paraan ng hindi maingat na pakikipagtalik at ang blood transfusion o pagsalin ng dugo ng isang taong may HIV.

Malaking hamon ngayon sa Department of Health (DOH) maging ng mga paaralan kung papaano nila mapapaigting ang pagbibigay ng impormasyon upang magkaroon ng sapat na kaalaman lalo na ang kabataan tungkol sa HIV/AIDS. Lalo pa’t dahil sa paraan ngayon ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya ay mas napapabilis ang pagkalat ng impormasyon at ideya tulad ng seksuwalidad na maaaring mapariwara ang mga kabataan dahil sa kanilang mga nakikita at nababasa.

Panuto: Bilugan ang tamang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa loob ng panaklong. Isulat sa iyong sagutang papel ang iyong sagot.

1. Nakakikilabot na ang mga taong nagkakaroon ng HIV sa Pilipinas ay mas pabata nang pabata ang edad .
(nakakatakot, nakakatuwa)
2. Kailangang paigtingin ng pamahalaan ang kampanya tungkol sa HIV/AIDS.
(higpitan, pahabain)
3. Maging sa bayan ng Dapa ay may napabalitang positibo kaya malaking dagok ito na haharapin sa lipunan kung marami pa ang mahahawaan.
(biyaya, problema)
4. Sa pamamagitan ng mga makabagong teknolohiya ay mas napapabilis ang pagkalat ng impormasyon at ideya tulad ng seksuwalidad na maaaring mapariwara ang mga kabataan dahil sa kanilang mga nakikita at nababasa.
(mawalan ng landas sa buhay, mapabuti ang buhay)
5. Ang ganitong problema ay hindi naman dapat ipagwalang-bahala.
(isantabi, bigyan ng importansiya)

Panuto: Sagutin ang mga tanong.

1. Ibigay ang mga paraan kung papaano mahawaan ang isang tao ng HIV.
A. _____
B. _____
C. _____
2. Ayon sa editoryal, bakit mas pabata nang pabata ang edad ng mga taong nagkakaroon ng HIV? Ipaliwanag ang sagot.

3. Isa-isahin ang mga katotohanang pahayag tungkol sa HIV/AIDS.
A. _____
B. _____
4. May narinig ka rin bang mga balita sa radyo tungkol sa HIV/AIDS?
Ibigay ang iyong opinyon at personal interpretasyon tungkol dito.



Suriin

Alam kong sabik ka nang matutuhan ang araling ito kaya't atin nang alamin at talakayin ang kasalukuyang aralin.

KONTEMPORANEONG PROGRAMANG PANRADYO

Ayon sa *Philippine Statistics Authority*, radyo ang ikalawa sa pinakaginagamit at pinakapinagkakatiwalaang pagkukunan ng impormasyon sa Pilipinas. Sa katunayan, noong 2013 ay tinatayang dalawang-katlong bahagi ng populasyon ng bansa ang nakikinig ng radyo, na may 41.4 porsiyento ng tagapakinig sa loob ng isang linggo.

Maraming dahilan kung bakit nakikinig ng radyo ang mga tao.

Una, ang makasagap ng balita lalo na sa mga taong nakatira sa liblib na lugar. Radyo ang pangunahing pinagkukunan nila ng impormasyon. Ilan sa mga programang panradyo ay ang DZMM, DZBB Super Radyo, DZRH at marami pang iba.

Pangalawa, panawagan. Malaki rin ang tulong ng mga programa sa radyo lalo na sa pananawagan ng mga nawawalang kapamilya.

Pangatlo, musika. Hanggang sa kasalukuyan ay patok pa rin ang iba't ibang FM Radio Station tulad ng Love Radio, Wish FM, at iba pang himpilan na nagpapatugtog ng mga paboritong awitin ng masa sa iba't ibang panahon sa tulong ng mga DJ.

Pang-apat, hindi lamang telebisyon ang may tinatampok na drama. May mga drama rin sa radyo na sinusubaybayan ng mga tao.

Panglima, ang mga talakayan ng mga *radio anchors* kung saan sila ay nagbibigay komentaryo o opinyon sa isang napapanahong isyu. Malaki ang impluwensiyang hatid nila sa mga tao sapagkat nakapanghihikayat sila at nakapagpapabago ng pananaw ng kanilang mga tagapakinig.

Ano ba ang Radio Broadcasting?

Ang *Radio Broadcasting* ay ang komunikasyon ng mga tunog sa pamamagitan ng mga alon o *waves* upang maghatid ng musika, balita, at iba pang uri ng programa ng isang istasyon sa maraming indibiduwal na tagapakinig. (Skretvedt, R. and Sterling, . Christopher H., 2018)

May mga uri ng Radio Broadcasting, ang *Public Radio* o Radyong Pampubliko kung saan purong pagbabalita lamang at walang halong patalastas. Karamihan sa mga pampublikong radyo na ito ay gobyerno ang nagmamay-ari. Kadalasan ito ang nagiging pamamamaraan ng pamahalaan upang makapaghatid ng impormasyon sa kanyang mga nasasakupan.

Pangalawa, ang *Commercial Radio* o Radyong Pangkomersiyo na naglalayong ilahad ang mga impormasyon ukol sa mga ineendorsong produkto na pagmamay-ari ng mga pribadong sektor na naglalayong kumita.

Pangatlo, *Community Radio* o Radyong Pangkomunidad na naglalahad ng kasalukuyang balita o mahahalagang pangyayari sa loob ng isang komunidad.

Panghuli, ang *Campus Radio* o Radyong Pangkampus kung saan ang istasyon ito ay eksklusibo lamang sa loob ng isang pamantasan o paaralan na naghahayag ng mga kasalukuyang pangyayari sa loob ng kampus gayundin ang mga mahahalagang anunsiyo mula sa mga namumuno ng eskuwelahan.

Isa sa mga trabaho ng *radio anchors* ang magbigay kuro-kuro sa isang isyu base sa mga detalye ng isang balita o usapin. Pero bilang isang tagapakinig, paano mo malalaman kung **Katotohanan, Hinuha, Opinyon o Personal na interpretasyon** ang kanilang pahayag?

Ang **Katotohanan** ay ang pagpapahayag ng isang ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapapasubalian kahit sa ibang lugar. Hindi ito kailanman nagbabago. Mapapatunayan ang pagkamakatotohanan nito sa ibang sanggunian tulad ng mga babasahin at mga taong nakasaksi nito.

Ang **Opinyon** naman ay isang pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo pero puwedeng pasubalian ng iba. Ito rin ay isang paniniwala na mas malakas pa sa impresyon, mas mahina sa positibong kaalaman na batay sa obserbasyon at eksperimento.

Ibig sabihin, ang katotohanan ay mga pahayag na maaaring mapatunayan ng mga ebidensiya samantalang ang opinyon ay mga pahayag na batay sa sariling paniniwala lamang. Tandaan, bagamat ito'y isang paniniwala o punto ng sumulat lamang, mainam na ang paghabi ng opinyon ay nakabatay sa kanyang karanasan o mga nabasang prinsipyo o kaisipan.

Sa **pagpapahayag ng katotohanan** maaaring gumamit ng sumusunod na pananda: *batay sa resulta, pinatutunayan ni/ng, mula kay, sang-ayon sa, tinutukoy ng, mababasa sa.*

Halimbawa:

1. Batay sa resulta ng botohan, si Anna Marie na ang bagong pangulo ng SSG Council.
2. Pinatutunayan ni Ginoong Santos ang mga paratang laban sa suspek.
3. Mababasa sa 1987 Constitution ang iba't ibang batas sa Pilipinas.
4. Sang-ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, magsisimula ang mga klase sa pampublikong paaralan sa ika-05 ng Oktubre.
5. Tinutukoy ng testimonya ni Don Juan na ang mga tagapagmana ng kaniyang mga ari-arian ay ang kaniyang mga anak at apo.

Kung ikaw naman ay **magpapahayag ng sariling pananaw o opinyon**, maaaring gumamit ng pananda gaya ng *sa aking palagay, sa tingin ko, sa nakikita ko, sa pakiwari ko, kung ako ang tatanungin, para sa akin, atbp.*

Halimbawa:

1. Sa aking palagay, hindi matutuloy ang pagsusulit bukas.
2. Sa nakikita ko, marami ang nagkakagusto kay Bernard.
3. Sa pakiwari ko ay ayaw na niya akong makita.
4. Kung ako ang tatanungin, nararapat lamang na mayroong *physical distancing* tuwing may pagtitipon.

5. Para sa akin, mas maganda sana kung kasama natin ang ating mga magulang sa piknik.

Sa kabilang banda, maaring magpahayag ng isang opinyon ang isang tao kahit hindi ginagamitan ng mga hudyat o pananda.

Halimbawa:

Magaling siyang magturo.

Sa pangungusap na ito, mapapalagay nating mahusay siyang magturo ayon sa opinyon ng taong nagsasalita pero maaaring sa tingin ng iba ay hindi siya magaling magturo. Ito ay sariling pahayag lamang o isang opinyon ng taong nagsasalita.

Ang hinuha o *inference* ay isang kilos o proseso ng pagkakaroon ng kongklusyon tungkol sa isang bagay mula sa mga kilalang katotohanan o ebidensya. (Merriam-Webster, 2021). Ito ay isang palagay, isang hula, sa salitang Ingles ito ay *guess, hypothesis o inference. Ang paghihinuha ay pagbibigay-kahulugan o paliwanag sa tulong ng mga pahiwatig at ng sariling kaalaman sa isang larawan o pangyayari base sa iyong obserbasyon.*

Kadalasan ay ginagamitan din ito ng mga kataga gaya ng sa *hinuha ko, sa hinuha niya, mahihinuha na, hula ko, marahil, baka, waring, tila, maaaring* at iba pa.

Halimbawa:

1. Ang hinuha ko kung bakit siya nagagalit sa kaniyang ama ay dahil sa pag-iwan nito sa kanilang mag-ina.
2. Kung susuriin natin ang mga datos, mahihinuha na magagaling ang mga batang may sapat na kain sa akademikong gawain kumpara sa mga batang hindi nag-aalmusal.
3. Sabi naman ni Mario, ang hinuha niya kung bakit nagkasakit sa bato si Aira ay dahil sa pagkahilig nito sa maaalat na pagkain.

Ang **Personal na Interpretasyon** ay ang pagkakaunawa o pagkakaintindi sa isang bagay, lengguwahe, o iba pa, at ito ay ipinaliliwanag mo para sa mga ibang tao na hindi maintidihan ito. Ito ay nakabatay ayon sa sarili mong pananaw.

Halimbawa:

1. Ang isang pagiging tahimik na tao ay hindi nangangahulugan na hindi sila marunong makipagkapuwa. Hindi lang sila sanay sa ingay.
2. Kapag ang tao ay nanaginip tungkol sa pera, ibig sabihin ay matindi ang kaniyang pangangailangan.
3. Makikita mo sa kislap ng kaniyang mga mata ang nais niyang iparating.

Ang mga pahayag ay puwedeng **positibo** o **negatibo**. Masasabi nating positibo ang pahayag kapag nagsasabi ng kaaya-aya o may kagandahan ang hatid sa mambabasa. Ang mga positibong pahayag ay karaniwang ginagamitan ng mga panandang *totoo, tunay, talaga, sadya* at iba pa.

Halimbawa:

- *Totoong* mas maganda si Ana kaysa kanyang kapatid.

- *Tunay* na malakas ang kaniyang loob dahil hindi siya nagpapaapekto sa mga bumabatikos sa kaniya.

May mga pahayag na bagamat ginagamitan ng negatibong salita ay nanatiling positibo pa rin sa mga tagapakinig nito.

Halimbawa:

Ang hindi niya pagsipot sa kasal ay nagdulot sa babae na makahanap ng bagong pag-ibig.

Ang **negatibong pahayag** ay kabaliktaran sa inihahatid ng positibo. Ito ay mga pahayag na may diwang negatibo o salungat o hindi pagkiling sa diwa ng nakararami. Ginagamit sa negatibong pahayag ang mga hudyat o panandang *wala, ayaw, ngunit, subalit, hindi* at iba pa.

Halimbawa:

1. *Walang* makikitang kagandahan sa kanyang pag-uugali kahit ano pa ang kaniyang gawin.
2. May punto ang kaniyang iminungkahi *ngunit* ito'y hindi kapaki-pakinabang.

Sa kabilang banda, may mga pahayag na negatibo kahit hindi ito ginagamitan ng hudyat o pananda dahil sa diwa nito na hindi ayon sa diwa ng iba.


Halimbawa:

Depektibo ang nabili kong bagong cellphone.

Ang pakikinig ng mga kontemporaneong programang panradyo ay isang kakayahan na dapat linangin ng isang tagapakinig lalo na tungkol sa pagsusuri ng mga pahayag na may katotohanan o *facts* para makabuo ng sariling opinyon, hinuha o personal na interpretasyon tungkol sa isang usapin o pangyayari. Mahalang napag-iiba ang mga pahayag ayon sa nais nitong iparating sa tagapakinig para sa mas malinaw na interpretasyon na mapapakinabangan sa pakikipagtalastasan o pagpapalit kuro sa ating mga kausap.

Sa pamamagitan ng pagkilala ng mga pahayag na nagpapakita ng katotohanan o *facts*, maiiwasan ang pagkalito ang isang indibiduwal sa kung ano ang tunay na nangyari na makakapagbigay paliwanag sa isyu o usapin. Magagamit niya itong batayan para sa pagbibigay pananaw o interpretasyon lalo na sa larangan ng pananaliksik.

Ngayong tapos na ang talakayan, sana ay handa ka nang sukatin ang iyong natutuhan. Maraming gawain ang nakahanay sa ibaba. Simulan mo na!



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Basahin ang balita. Pumili ng dalawang pahayag na nagsasaad ng katotohanan at pagkatapos bumuo ng iyong *hinuha*, *opinyon*, at *personal na interpretasyon* tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pagsasaka ng mga taga-Agusan mas pinadali sa pamamagitan ng rice mechanization equipment

<https://pia.gov.ph/news/articles/1067621>

LUNGSOD NG BUTUAN, Pebrero 24 (PIA) -- Umabot sa P42.38 Milyong halaga ng rice mechnization equipment ang kabuoang natanggap ng mga magsasaka sa probinsya ng Agusan del Norte na nakatulong upang mapadali ang kanilang pagsasaka.

Aminado si Nicolas Licuna, ang presidente ng Sayadion-Cuyago Irrigators Association Incorporated ng Jabonga, Agusan del Norte na malaki ang tulong ng Rice Tarrification Law sa kanilang mga magsasaka.

Malaki ang pasalamat ni Licuna sa gobyerno dahil sa pamamagitan ng rice mechanization equipment, bababa ang kanilang gastos sa pagsasaka at tataas pa ang kanilang kita.

Labing limang (15) kooperatiba ng mga magsasaka sa Agusan del Norte at Butuan City ang nakatanggap ng intervention mula sa Department of Agriculture – Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization o PhilMech.

Kabilang sa mga natanggap na makinaryas ang four-wheel tractors, hand tractors, floating tillers, combine harvesters, behaind transplinters, riding-type transplinters, at precision seeder.

Maliban sa pinadali at mas mataas na ani sa mas mababang gasto, kikita din ang mga kooperatiba dahil sa renta ng mga makinaryas na kanilang natanggap, ayon kay DA Caraga Regional Director Abel James Montegudo, ang rice tariff revenues ay malaking tulong upang maiangat ang kalagayan ng mga magsasaka sa bansa. (NCLM/PIA Agusan del Norte)

- Ulat ni Nora C. Lanuza, *Philippine Information Agency*, Pebrero 24, 2021

Katotohanan 1:

Hinuha:

Opinyon:

Personal na interpretasyon:

Katotohanan 2:

Hinuha:

Opinyon:

Personal na interpretasyon:


Gawain 2

Panuto: Bumuo ng mga pahayag na POSITIBO AT NEGATIBO na tumatalakay tungkol sa balitang iyong nabasa sa Pagyamanin Gawain 1. Gayahin ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa papel.

Positibo	Negatibo
↓	↓
1. _____ _____	1. _____ _____
↓	↓
2. _____ _____	2. _____ _____

Gawain 3

Panuto: Mangalap ng dalawang magkaugnay na balita mula sa radyo at telebisyon. Pansinin ang pagkakaiba ng dalawang balita ayon sa nilalaman nito, pamamaraan, karanasan ng pagkalap ng impormasyon, at mga pahayag nito. Gamitin ang *Venn Diagram* para sa pag-iiba ng dalawang magkaibang midyum ng pagbabalita. Gawin ito sa sagutang papel.



A at B = Pagkakaiba

C = Pagkakatulad

Gawain 4

Panuto: Ibigay ang kahulugan at mga halimbawa ng sumusunod na salitang ginagamit sa *Radio Broadcasting*. Matapos ito, magbigay ng mga halimbawang nalalaman mo na tumutugma sa sumusunod salita.

Mga Salita sa <i>Radio Broadcasting</i>	Kahulugan	Tiyak na Halimbawa
1. <i>Public Radio</i>		
2. <i>Commercial Radio</i>		
3. <i>Community Radio</i>		
4. <i>Campus Radio</i>		
5. <i>Radio Anchors</i>		



Isaisip

Magaling at nasagot mo ang unang sukatan ng iyong natutuhan. Ngayon naman ay punan ng angkop na salita ang mga patlang upang mabuo ang kaisipang iyong natutuhan sa aralin.


Radyo ang ikalawa sa _____ sa Pilipinas ayon sa *Philippine Statistics Authority*. Ang _____ ay isang pamamaraan ng pagsasahimpapawid ng mga impomasyon o balita sa pamamagitan ng paggamit ng *radio waves*. Layunin nito ang _____ sa mas nakararaming makikinig.

Ang Katotohanan ay isang pahayag na nagsasaad ng _____ kahit sa ibang lugar samantalang ang Opinyon naman ay isang _____.

Sa pagpapahayag ng katotohanan, ginagamitan ito ng mga salita gaya ng _____, at iba pa. Samantala sa pagpapahayag ng isang opinyon, ginagamitan ito ng mga salita gaya ng _____, at iba pa.

Kaya mahalaga ang kaaalamang ito dahil _____

_____.



Isagawa

Gawain 1

Panuto: Naging usap-usapan ang pagsasabatas ng *Anti-Terrorism Act* sa taong 2020. Dahil dito, samo't saring ekspekulasyon ang naglipana sa *social media*. Magsaliksik tungkol sa paksang ito. Magtala ng mga Katotohanan at ibigay ang iyong Hinuha, Opinyon at Personal na interpretasyon tungkol dito. Gawin sa pamamagitan ng talahanayan gamit ang iyong sagutang papel.

Katotohanan 1		

Hinuha	Opinyon	Personal na interpretasyon
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

Katotohanan 2		
<hr/> <hr/>		
Hinuha	Opinyon	Personal na interpretasyon
<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>
<hr/>		

Gawain 2

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Anong karanasan sa pakikinig ng radyo ang naiiba sa panonood ng programa sa telebisyon?

2. Ano ang mga bagay na nakapukaw sa iyong isipan habang pinapakinggan ang mga programa sa radyo?

3. Sa tingin mo, nahuhuli na ba o hindi ang radyo sa telebisyon? Patunayan mo.


4. Sa iyong hinuha, darating kaya ang araw na mawawala na ang radyo bilang midyum ng paghahatid ng impormasyon dahil sa pagdating ng mga modernong plataporma tulad ng *social media*? Patunayan mo.

*Naipakita mo ang iyong galing! Binabati kita!
Subukan natin ang iyong talas at gilás sa bahaging ito.*




Tayahin

Panuto: Makinig sa radyo at manood sa telebisyon tungkol sa Balik-Probinsiya Program. Pag-ugnayin ang dalawang balita ayon sa paksa at mga detalye gamit ang *chart organizer*. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin sa iyong sagutang papel.



1. Ano-ano ang impormasyon o katotohanang magkaiba o magkatulad sa iyong napakinggang balita sa radyo at napanood na balita sa telebisyon?
2. Paano nakatulong ang magkakatulad at magkakaibang impormasyong iyong narinig at napanood sa magkaibang himpilan sa pagpapatunay sa pagiging totoo ng mga impormasyong kaugnay ng isang usapin?
3. Ano-ano ang pahayag na may mga panandang ginagamit sa Positibong Pagpapahayag ngunit negatibo ang nais ipabatid?
4. Ano-ano ang pahayag na may mga panandang ginagamit sa Negatibong Pagpapahayag ngunit positibo ang nais ipabatid?
5. Bilang isang mag-aaral sa panahon ng Pandemya, paano mo dapat tanggapin at suriin ang mga positibo at negatibong ulat mula sa iba't ibang isyu sa kasalukuyang panahon?




Karagdagang Gawain

Panuto: Gamit ang *fishbone organizer*, magtala ng mga positibong epekto at negatibong epekto ng paghahayag ng opinyon lalo na *social media* tulad ng *facebook* at *twitter*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Positibong Epekto

Mga Negatibong Epekto

Mahusay! Natapos mo ang araling ito. Sana'y may naibig-ay na bagong kaalaman ang modyul na ito para sa iyo.



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin

1. Nakatatakot
2. higpitan
3. problema
4. mawalan ng landas
5. isantabi sa buhay

Balikin

1. erpat
2. ewan
3. ewan
4. pano
5. nasan
6. tsikot

Sanggunian

- ABS-CBN NEWS. (2019, February 7). Retrieved from Youtube.com:
<https://www.youtube.com/watch?v=Tph6hAObhTA>
- Enrijo, Willita A. et al. (2013). *Panitikang Pilipino-Ikawalong Baitang*. Book Media Press, Inc. and Printwell, Inc. Unang Edisyon.
- Lanuza, N. C. (2021, February 24). *Pagsasaka ng mga taga-Agusan mas pinadali sa pamamagitan ng rice mechanization equipment*. Retrieved from Philippine Information Agency: <https://pia.gov.ph/news/articles/1067621>
- Merriam-Webster. (2021, February 25). Retrieved from <https://www.merriam-webster.com/>: <https://www.merriam-webster.com/dictionary/inference>
- Quinaso, G. (2019). Disiplinang Batas. *Tilamsik*.
- Skretvedt, R. and Sterling, . Christopher H. (2018, November 15). *Radio*. *Encyclopedia Britannica*. Retrieved from www.britannica.com:
<https://www.britannica.com/topic/radio>
- Ybañez, P. M. (2019). Mapinsalang Aliw. *Tilamsik*.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph